THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO


Volume VI No. 07* Pebrero 12 - 18, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 5 TSINONG GUN-RUNNER, TIKLO SA BUY-BUST NG CIDG SA PARAÑAQUE CITY

sundan sa pahina 3





## PUBLIC ANNOUNCEMENT!

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

**Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 2**

**Minimal on- site capacity**

( applying work from home and other flexible work arrangements)

Allowed (50% on-site or venue/seating capacity)

**Activities and Establishment**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Mga kagamitan ng mga rebeldeng NPA, nadiskubre

sundan sa pahina 10

## Mahigit Php3.5M shabu, nakumpiska; suspek, arestado

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ano ang Reckless Imprudence?**

Ang reckless imprudence ay kadalasang naikakabit sa kawalan ng pag-iingat sa paggawa (o hindi paggawa) ng mga kilos. Ang kawalan ng ingat o reckless imprudence per se ay hindi isang culpable felony. Nagiging culpable felony lamang ito kung ito ay nagresulta sa isang pangyayari na maituturing na grave, less grave, o light felony sa RPC. Halimbawa, kung nagresulta sa pagkamatay ng tao o homicide (isang grave felony), nagiging culpable felony na ito na may karampatang parusa.

## JOINT TASK FORCE CV SHIELD

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
**09175382495**
SMART
**09988490013**
LANDLINE
**(02)87253176**
E-MAIL
**ncovmonitoring@gmail.com**




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio | @pnppio | @pnp_pio | PNP PIO | www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG


*e - SUMBONG SMS Hotline*

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email :
e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page :
facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal :
https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# High-ranking official ng CPP-NPA, arestado




**San Juan City (February 18, 2022) - Arestado ang isang miyembro ng Central Committee ng Communist Party of the Philippines (CPP) at lider ng National Health Bureau na nakabase sa Butuan City sa 008 N. Domingo St., San Perfecto, San Juan City bandang 9:40 ng umaga ng ika-18 ng Pebrero 2022.**

Ayon kay Police Brigadier General Romeo Caramat Jr., Director ng Police Regional Office 13, si Dra. Maria Natividad Silva Castro alyas "Yam/Agi/Kyle/Prim", 53 anyos, ay pang pito (7) sa Regional Level Communist Terrorist Group (CTG) Priority Target ay nahuli sa Metro Manila sa joint operation ng Regional Intelligence Division (RID) 13 kasama ang PNP Intelligence Group, RID National Capital Region, 401st Brigade ng 4th Infantry Division ng Philippine Army, 3rd Special Forces Battalion (SFB), 41 Military Intelligence Company (MICO), Joint Task Force (JTF) NCR, National Intelligence Coordinating Agency (NICA), Air Corps, PA, at ng San Juan City Police Station.

Sa pamamagitan ng Warrant of Arrest na inisyu ng Regional Trial Court, 10th Judicial Region, Branch 7, Bayugan City, Agusan del Sur, inaaresto si Castro na residente ng Km. 3, Barangay Libertad, Butuan City dahil sa Kidnapping at Serious Illegal Detention sa ilalim ng Criminal Case No. 6527 na walang inirekomendang piyansa.

Batay sa imbestigasyon, sangkot ang akusado sa felonious kidnapping sa isang miyembro ng Civilian Active Auxiliary (CAA) noong ika-29 ng Disyembre 2018 sa Barangay Kolambungan, Sibagat, Agusan Del Sur.

"The arrest of Castro marks another CTG setback and to their inevitable demise. Their bloody, merciless plans have never succeeded, they have always been a failure and a disgrace to every Caraganon" saad ni RD Caramat Jr. *(Panulat ni Patrolman Jhunel D Cadapan, RPCADU13)*

# Vehicular Accident sa Puerto Prinsesa City, 1 Patay






**Puerto Prinsesa City, Palawan (February 18, 2022) - Isa (1) ang patay nang bumangga ang isang van sa mga puno sa kahabaan ng National Highway, Brgy. Tagburos, Puerto Prinsesa City, Palawan noong Pebrero 18, 2022.**

Ayon sa ulat, ang van ay may sakay na walong (8) pasahero na galing umano sa El Nido, Palawan at patungo sa Brgy. Tagburos, Puerto Princesa City. Nawalan umano ng kontrol ang driver sa pagmamaneho kung kaya't dumiretso ang naturang van sa masukal na lugar at bumangga sa mga puno dahilan upang mawasak ang unahang bahagi ng sasakyan.

Naisugod naman agad sa pagamutan ang mga pasahero ngunit isa (1) ay idineklarang patay na.

Inaalam pa ang pagkakilanlan ng mga pasahero samantala kinilala naman ang driver ng van na si Estrael Ubay.

Kaugnay nito, patuloy ang pag-iimbestiga ng mga kapulisan sa nangyaring aksidente upang maiwasan ang parehong pangyayari. *(Panulat ni Patrolman Jorge Michael C Bardiago)*

# 2 Minors na biktima ng Trafficking in Person, narescue




**Cagayan de Oro City Police Office (February 12, 2022) - Narescue ang dalawang (2) menor de edad sa isinagawang Trafficking in Person - Rescue Operation sa Unit 15, Kingsfield Express Inn, Tejero St., Brgy Kauswagan, Cagayan de Oro City, noong Pebrero 12, 2022.**

Arestado ang dalawang (2) suspek na kinilalang si Jong Uk Hwang, lalaki, 56 taong gulang, Korean National, at kasalukuyang naninirahan sa Camella Homes Subdivision, Upper Balulang, Cagayan de Oro at si Julia Tenio Militares, 20 taong gulang at residente ng La paz 3, Lapasan, Cagayan de Oro City.

Sa pangunguna ni Police Lieutenant Colonel Ignacio Gamba III, Assistant RC, Regional Anti-Cybercrime Unit 10 katuwang ang Women and Children Protection Desk - Cagayan de Oro City Police Office, Cagayan de Oro City Police Office Police Station 4 at si Ms. Arcelie V Brigole mula sa City Social Worker Development Office na nagsagawa ng matagumpay na Trafficking in Person-Rescue Operation sa dalawang (2) menor de edad na biktima.

Nakumpiska din sa mga suspek ang isang (1) pirasong plastic cellophane na hinihinalang shabu, lima at kalahati (5 ½) piraso ng pills na hinihinalang shabu, at isang (1) pirasong pipa.

Agad na itinurn-over sa City Social Worker Development Office - Cagayan de Oro City ang mga nailigtas na biktima para sa kaukulang kustodiya, assessment at evaluation. Habang ang mga suspek ay pansamantalang nakakulong sa Police Station 4, Cagayan de Oro City Police Office para sa disposisyon at sa kakaharaping kaso. *(Panulat ni Patrolman Joshua C Fajardo – RPCADU 10)*

# 5 Tsinong gun-runner, tiklo sa buy-bust ng CIDG sa Parañaque City




**Parañaque City (February 17, 2022) - Bigo ang limang (5) Chinese national na pagkakitaan ang ilegal na high powered firearms matapos silang masakote ng pinagsanib na pwersa ng PNP Criminal Investigation and Detection Group at ng Southern Police District sa isang buy-bust operation sa Parañaque City kaninang umaga, Pebrero 17, 2022.**

Kinilala ni CIDG Director, Police Major General Albert Ignatius Ferro ang mga nadakip na suspek na sina Chen Que Sheng, 37; Peng Shao Shan, 32; Wang Xu Zheng, 29; Wou Chzn Soo, 37; at Li Wang, 24; pawang mga residente ng #2392 Jose Abad St., Bayview Village Barangay Tambo, Parañaque City at sila ay taga Mainland China na kung saan tatlong (3) taon na silang namamalagi sa Pilipinas.

Nakumpiska sa mga suspek ang dalawang (2) walang lisensyang armalite at dalawang (2) magazine para dito, 14 na bala ng 5.56 caliber, limang (5) laptop, iba't ibang credit cards kasama ang magnetic striped at halo-halong dongle devices na ginagamit sa kanilang mga ilegal na transaksyon.

Ang mga suspek ay nakilalang miyembro ng South Tiger Criminal Group na sangkot sa gun running at pagbebenta ng torture devices.

Ayon pa kay General Ferro, ang pagkakadakip sa mga suspek ay bahagi ng puspusang kampanya ng PNP na mapigilan ang paglaganap ng ilegal na baril lalo na ngayong papasok ang panahon ng kampanya para sa 2022 national and local elections, base sa tagubilin ni PNP Chief, Police General Dionardo Carlos. Aniya, layunin ng operasyon na mapigilan ang masasamang loob na magamit ang mga ilegal na baril sa pananakot at paggawa ng krimen upang maimpluwensyahan ng ilang mga tiwaling kandidato ang resulta ng botohan.

# Pulis na nangholdap, arestado






**Pagsanjan, Laguna (February 16, 2022) – Arestado ang isang pulis dahil sa panghoholdap sa isang UniOil Gasoline Station sa Brgy. Santiago, Sto. Tomas, Batangas sa isinagawang checkpoint ng mga kapulisan sa National Highway, Brgy. San Isidro, Pagsanjan, Laguna bandang 2:30 ng umaga ng Pebrero 16, 2022.**

Ayon sa ulat, inireport ng isang gasoline boy ng UniOil gas station sa Sto. Tomas City Police Station (CPS) na may nangyaring robbery incident sa naturang gasolinahan at ang suspek ay sakay ng color orange/black na Honda Click na walang plate number, nakasuot ng gray hoodie sweater at jogging pants.

Pinaalerto sa pamamagitan ng radyo ang lahat ng istasyon ng pulisya at agad na inatasan na magsagawa ng checkpoint operations sa buong lalawigan ng Laguna.

Ang mga tauhan ng Pagsanjan Municipal Police Station (MPS) ay nagsagawa ng checkpoint sa kahabaan ng National Highway, Brgy. San Isidro, Pagsanjan, Laguna at dito nila napara ang isang motorsiklo kung saan sakay ang suspek.

Kinilala ang suspek na si Patrolman Glenn Angoluan y Malijan, 33 anyos, nakatira sa #1 San Felix Santo Tomas, Batangas at nakadestino sa 2nd Laguna Police Mobile Force Company (PMFC), Laguna Provincial Police Office (PPO).


Sa pagsasagawa ng custodial investigation, inamin ng suspek na siya ang responsable sa mga naganap na robbery/hold-up incidents ng 7/11 convenience stores sa Laguna at Batangas, partikular sa Pagsanjan, Los Baños, Alaminos at Sto. Tomas, Batangas.

Samantala, hinikayat ang mga mamamayan na makipagtulungan sa mga kapulisan para tugisin ang mga lumalabag sa batas, sibilyan man ito o empleyado ng gobyerno.

Gayundin, lalo pang paiigtingin ng Pambansang Pulisya ang kampanya laban sa kriminalidad upang mapanatili ang kaligtasan at seguridad ng mamamayan. *(Panulat ni Patrolman Marvin Avila)*

# 7 hostages, nailigtas; suspek, patay





**Pasong Tamo, Quezon City (February 17, 2022) – Patay ang isang suspek matapos ang komprontasyon sa pagitan ng operating Team ng QCPD PS14 sa kahabaan ng No. 264 Visayas Ext., Pasong Tamo, Quezon City nito lamang Pebrero 17, 2022 bandang 2:50 ng madaling araw.**

**Kinilala ang suspek na si Arthur Agpalo na nahaharap sa kasong paglabag sa RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act at Frustrated Murder.**

Ayon sa ulat, inaresto ang suspek dahil sa paglabag sa RA 10591 at Frustrated Murder ngunit nakatakas siya sa mga awtoridad at nagtungo sa Commonwealth Avenue. Pinagbabaril ng nasabing suspek ang Operating Team ng Quezon City Police District Police Station 14 at tumakas sakay ng Mitsubishi Pajero.

Nagtungo ang suspek sa bahay ng kanyang kasintahan at dito na naganap ang armadong komprontasyon, dito na rin nagawang ihostage ng suspek ang pitong (7) biktima. Habang ang isang biktima ay bihag ng isang suspek, agad naman itong nailigtas ng Operating Team ng QCPD PS14, ang suspek naman ay na-neutralize at isinugod sa East Avenue Medical Center para magamot ngunit idineklara itong Dead on Arrival.

Mabilis at maingat na pag-aksyon ang ipinamalas ng QCPD PS-14 sa pangyayaring ito. Patunay lamang na ginagampanan ng ating mga kapulisan ang kanilang sinumpaang tungkulin. *(Panulat ni Patrolwoman Nica v Segaya)*



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Maagang paghahanda para Summer Vacation 2022

Kasabay ng ating maigting na paghahanda sa National and Local Elections 2022 sa ating bansa ay ang ating maagang security preparation para naman sa ligtas na Summer Vacation (SumVac).

Sa pagsisimula ng summer season, inaasahan ang pagdagsa ng mga turistang darating sa ating bansa lalo na isa sa pinakapaboritong destinasyon ng mga turista, ang Boracay Island sa Malay, Aklan.

Ayon sa pinakahuling pahayag ng IATF, ang buong lalawigan ng Aklan kasama ang Antique, Bacolod City, Capiz, at Negros Occidental ay kabilang sa mga lugar sa Western Visayas na isinailalim sa Alert Level 2 na epektibo ngayong Pebrero 16 hanggang sa katapusan ng buwan.

Habang ang mga paghihigpit sa COVID-19 ay unti-unti nang bumababa sa karamihang mga bahagi ng bansa, ang ating pambansang pulisya, lalo na ang ating Tourist Police Units o TPU ay patuloy na maghihigpit sa pagpapatupad ng naaangkop na public safety protocols alinsunod sa mga alituntunin ng IATF, umiiral na mga local executive order at mga ordinansa na inisyu ng lokal na pamahalaan sa kani-kanilang lugar.

Inatasan na rin natin ang ating lokal na pulisya na ihanda ang kanilang mga hakbang laban sa kriminalidad upang matiyak ang kaligtasan at seguridad ng mga lokal at dayuhang turista at maprotektahan sila laban sa mga kawatan na sasamantalahin ang pagkakataon.

Ang unti-unting pagdagsa ng mga turista sa Boracay mula halos dalawang taon na pansamantalang pagtigil ng operasyon sa buong isla dulot ng pandemya ay isang indikasyon ng muling pagbangon ng ating ekonomiya sa bansa. Ngunit kasabay nito ay kailangan pa rin nating tiyakin ang kaligtasan ng lahat ng mga pumupunta rito hindi lamang sa banta ng pandemya, kundi pati na rin sa mga nagbabalak na gumawa ng masama o krimen.

Pinapayuhan din natin ang publiko, lalo na ang mga nagbabalak na magbakasyon sa isla na patuloy na sundin ang mga inilabas na protocol sa kaligtasan sa lahat ng oras at pagkakataon. Ganun din sa lahat ng mga lugar-pasyalan sa buong bansa na mahigpit na sumunod sa mga itinalagang alituntunin sa inyong lugar.

Mahalaga na habang tayo ay nagliliwaliw ay napapanatili pa rin natin ang kaligtasan ng bawat isa. Sa mahigit dalawang taon na tayo ay dumaranas ng pandemya, maraming mga aktibidad ang napigilan nito kabilang ang pamamasyal at pagliliwaliw. At ngayong medyo lumuwag na ang quarantine protocols, huwag sana nating kalilimutan na andyan pa rin ang pandemya na maaaring muling lumalala kung tayo ay magpapabaya.

# EDITORYAL

## PNP maninindigan sa lehitimong pag-aresto sa isang doktor

Nakakulong na ngayon sa Bayugan City, Agusan Del Sur ang doktor na si Maria Natividad Castro matapos arestuhin sa San Juan City noong Pebrero 18 ng kasalukuyang taon. Ang pag-aresto kay Dr. Castro ay bahagi ng regular na operasyon ng mga alagad ng batas, alinsunod sa warrant of arrest na naisyu laban sa kanya at kanyang mga kasamahan sa kasong kidnapping with serious illegal detention.

Taliwas sa pinapakalat ngayon sa mga social media networking site na nawawala daw at hindi na mahagilap si Dr. Castro matapos itong hulihin ng mga pulis, pinagbigay alam na ng pambansang pulisya sa lokal na opisina ng Commission on Human Rights ang kanyang kasalukuyang kalagayan at nakatawag narin sa kanyang pamilya si Dr. Castro matapos itong mahuli. Bukod pa rito, nabigyan din siya ng karampatang atensiyong pangmedikal dahil napag-alaman nga na siya ay diabetic.

Marami narin ang nakikisakay sa pinapalabas na isyu na kwestiyonable daw ang pagkakaaresto kay Dr. Castro at ang warrant of arrest di umano ay inisyu base sa maling akusasyon at walang legal na basehan. Napakalaking insulto naman ata ito sa ating hudikatura at sa ating legal system. Hindi basta basta naglalabas ng arrest warrant ang ating mga korte nang walang sapat na pag-aaral at masusing imbestigasyon. Sa prosecutor's office pa lamang, masusi nang pinag-aaralan kung may probable cause upang maisampa ang kasong criminal laban sa akusado. Pagtapos nito, dadaan pa ito sa isang hurado na siyang tutukoy kung meron bang probable cause para maglabas ng warrant of arrest sa akusado upang mapasailalim sa hurisdiksyon ng korte.

Ipapaalala din po natin na ang pambansang pulisya bilang isa sa mga haligi ng ating criminal justice system na may mandatong magpatupad ng batas ay kumikilos sa bisa ng warrant of arrest na inisyu ng korte. Ano po ba ang kwestiyonable? Ang pagsagawa ng operasyon batay sa warrant of arrest na inilabas ng korte? O ang hindi pagtalima at pagsasawalang bahala sa isa sa mga mandatong siguruhing mahuli ang mga akusado batay sa mga legal na dokumento na inilalabas ng ating mga korte?

Kung meron mang pagdududa sa paraan ng paghuli kay Dr. Castro, inaanyayahan ng pambansang pulisya ang mga kumukwestiyon nito na magsampa ng anumang karampatang kaso upang maimbestigahan kung meron nga. Kagaya rin kung sa tingin nila ay may mali sa pag-isyu ng warrant of arrest magsampa sila ng mga kaukulang petisyon o motion kung naniniwala sila na walang sapat na ebidensiya laban kay Dr. Castro. Hindi yung kaliwa't kanang pagbibigay pahayag sa iba't ibang media outlet o di kaya naman paglalathala sa iba't ibang social media platform at humihingi ng hustisya. Ang hustisya ibinibigay sa mga biktima. Bakit hindi kayo humiling ng hustisya para sa di umano ay biktima nina Dr. Castro? Bakit agad agad ninyong itinuring na ang biktima ay si Dr. Castro?

Huwag ninyong gawing sentro ng maling diskusyon ang isang lehitimong operasyon at gawin pang kapinsalaan ng mga haligi ng ating criminal justice system.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## "Morale and Welfare" ng mga PNCOs, Tututukan ng Bagong CESPO PNP

Tututukan ng bagong talagang Chief Executive Senior Police Officer (CESPO) ng Philippine National Police na walang iba kundi si Police Executive Master Sergeant (PEMS) Louie Salvador Makilan ang 'morale and welfare' ng ating mga pulis lalo na ang mga Police Non-Commissioned Officers (PNCOs).

Kamakailan ay naging panauhin natin ng Live sa Studio sa programang "Pulis at Your Serbis" sa himpilang DWIZ 882 Khz AM kasama ang inyong abang lingkod bilang program anchor, sinabi ni PEMS Louie Makilan na kanyang tututukan ang kalagayan ng ating mga PNCOs lalo na ang pagsusulong nito ng mga "Guidance and Directives of the Chief PNP" na si PGen Dionardo Bernardo Carlos lalo na at majority sa ating pulis ay mga PNCOs.

Binigyan-diin ni PEMS Makilan ang pagkakaroon ng 3Ds para sa ating mga pulis o ang "Discipline, Decorum, at Distinction". Bilang mga pulis anya ay napakahalagang sumunod sa mga kautusan at direktiba ng ating Chief PNP lalo na ang kanyang mga programa. Marapat lamang anya na maging Disiplinado ang ating mga pulis sa lahat ng aspeto, ganoon din ang proper Decorum o tamang pag-uugali, pagsasalita, at tamang bihis para maging isang huwaran at kapita-pitagang pulis, at siyempre pa ang Distinction o pakikitungo sa ating mga kapwa pulis lalo na ang ating mga Senior Officers. Napakahalagang pairalin anya ang pagtanaw ng respeto o Seniority sa ating mga nakatatanda lalo na sa ating Organisasyon sa Pambansang Pulisya.

Kasama ang ating bagong CESPO sa delegasyon ni Chief PNP sa kanyang Official Command Visit sa iba't-ibang mga Police Regional Offices sa bansa. Layon nito ay upang personal na makita at makausap ang ating mga PNCOs doon, at kung anu-ano ang kanilang mga kalagayan, saloobin, at suliranin na kinakaharap sa kani-kanilang lugar.

# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## "Nang dahil sa pag-ibig, tayo ay nagmamalasakit"

Magandang araw po sa inyong lahat. Purihin ang Panginoong Diyos sa Kanyang patuloy na gabay at patnubay sa ating lahat. Nawa ay nasa mabuti kayong kalagayan habang binabasa ninyo ang aking kolum. Kagalakan ko po ang magpahayag ng "Mabuting Balita" mula sa "Banal na Kasulatan". Samahan po ninyo ako sa pagbubulay-bulay ng "Salita ng Diyos".

Kapag tayo ay nasa simbahan o fellowship ay nararamdaman natin ang kanilang mainit na pagtanggap sa atin. Sa pintuan pa lamang bago magsimula ang pananambahan ay kinakamayan tayo at sinasamahan sa upuan. Halos lahat ng nasa simbahan ay nakangiti at kinakamayan tayo. Ito ang naging karanasan ko sa IRM Km. 37 sa Pulong Buhangin, Sta Maria, Bulacan. Simula noon ay dumadalo na ako sa Banal na gawain. May mga kapatiran na gumabay sa akin upang lumalim ang pananampalataya sa Panginoong Diyos, magbasa at magbahagi ng "Salita ng Diyos". Salamat sa mga taong naglaan ng oras at panahon upang ako ay turuan at gabayan.

Ano ang nagbunsod sa kanila upang ako ay turuan at gabayan?

Ito ay dahil sa pag-ibig sa Diyos at pagsunod sa Kanyang utos. Ayon sa "Bagong Tipan" sa 1 Juan 4:21, "At ang utos na ito ay mula sa kanya ay nasa atin, na ang umiibig sa Diyos ay dapat umibig sa kanyang kapatid."

Ang pag-ibig ang siyang pinakadakilang bagay na ating naranasan mula sa ating Panginoong Diyos. Ang utos ay maaari lamang nating iukol kung ito ay ating naranasan mula sa Kanya. Iniibig natin ang ating mga magulang dahil naranasan natin mula sa kanilang pagmamahal. Dahil mahal natin sila ay magagawa nating sundin ang ipinag-uutos nila sa atin.

Paano ba natin dapat iibigin ang kapatid?

Sa Pambansang Pulisya ay nasa ilalim tayo ng pamumuno ng ating mga opisyal mula sa ating Pangulo, Hepe ng Pambansang Pulisya at Direktor. Nararapat na sundin natin ang batas at alituntunin na pinaiiral sa ating organisasyon. Ang inyo pong lingkod ay nagagalak na mapabilang sa kaanib ng Pambansang Pulisya. Ang Internal Cleansing Strategy sa PNP na ngayon ay Memorandum Circular 20-2020, "Internal Disciplinary Mechanism". Ito ay naglalayon na mapanatili sa hanay ng kapulisan ang disiplina at matulungan ang mga kabaro natin na magbago at maituwid ang lihis na landas.

Ang pagtuturo ng Values Life Coach sa Pambansang Pulisya.

Ang Squad Weekly Interactive Meeting (SWIM) sa ilalim ng "Preventive Approach". Ang bawat squad ay may Values Life Coach na nagtuturo at nagbibigay gabay sa ating kapulisan. Ang Team leader ang siyang tagapanguna sa squad members. Ang gawaing ito ay hindi for compliance lang, kundi ito ay magkaroon ng impact sa opisina, pamilya at komunidad. Ang mga Pastor, Pari at Imam na tumatayong Values Life Coaches sa mga Squads ay kusang loob na naglalaan ng oras at panahon sa pagtuturo ng "Salita ng Diyos" ng walang bayad o sahod dahil sa pagmamahal nila sa Diyos at sa kapulisan. Nakakalungkot isipin na may mga ilang kabaro tayo na hindi pinapahalagahan ang serbisyo at paglilingkod ng ating mga Values Life Coaches. Maaaring may pagkakataong natatamaan tayo sa "Salita ng Diyos", ito ay mabuti sapagkat makakatulong ito sa atin upang makita natin ang ating sarili, kung tayo ay namumuhay ng mabuti. Ang pagiging masigasig sa pagdalo ng Squad Weekly Interactive Meeting (SWIM) ay nagbibigay saya at kagalakan sa ating mga Values Life Coaches, lalo na sa nakikitang pagbabago ng mga squad members. Kapag nagbago ang squad members, ang pamilya ang unang nakikinabang. Sumasaya ang asawa, mga anak, napapansin ang magandang trabaho sa opisina at nakikita ng mga sibilyan ang pagbabago.

Nang dahil sa pag-ibig sa Panginoong Diyos, ay inaabot ng ating Values Life Coaches sa iba't ibang dako ng ating bansa. Katuwang natin upang ang ating kapulisan at makamit ang tunay na pagbabago. Ang Pulis ay Maka-Diyos, Maka-Tao, Maka-Bansa, Maka-Kalikasan at Maka-Pamilya!

Ang pagmamalasakit ng Team Leader sa Squad Members.

Ang mga Team Leaders sa mga squads ay may malaking tungkuling ginagampanan upang i-monitor ang status at sitwasyon ng kanyang mga miyembro. Sila ang nagsisilbing kuya at ate sa grupo. Ang kanilang pagmamalasakit ay nakakatulong ng malaki upang matulungan ang ating kasama na mayroong mabigat na pinagdadaanan. May mga panahon na kaaya-aya ang panahon sa ating buhay, walang masyadong inaalala dahil sapat ang lahat ng pangangailangan. Ngunit sa sandaling dumating sa atin ang kabalisahan at kalituhan ay hindi natin alam ang ating gagawin. Ang Team Leader ang tutulong sa pakikipag-usap sa squad members upang ipaabot sa pinuno ang problema sa layuning matulungan ito.

Salamat Team Leaders sa inyong pag-ibig sa Panginoong Diyos. Iyan ang dahilan natin sa pagmamalasakit sa ating kabaro.

## Top 1 MWP 'Illegal Recruiter' ng Baguio City, arestado

**San Fernando City, La Union (February 14, 2022) – Arestado ang Top 1 Most Wanted Person (MWP) na illegal recruiter ng Baguio City sa Sitio Bataan, Brgy. Pagudpud, San Fernando City, La Union sa ikinasang Manhunt Charlie Operation dakong alas 12:20 ng umaga ng ika-14 ng Pebrero taong kasalukuyan.**

Pinangunahan ng San Fernando City Police Station ang operasyon sa direktang pangangasiwa ng kanilang Officer-in-Charge na si Police Lieutenant Colonel Joffrey M. Todeno at pinagsanib puwersa ng Legarda Police Station 5, Baguio City Police Office (BCPO), Maritime Police Station (MARPSTA), Regional Intelligence Division (RID) 1, La Union Provincial Investigation Detective Management Unit (PIDMU), La Union Provincial Intelligence Unit (PIU), Technical Support Company (TSC) ng Regional Force Mobile Battalion (RMFB) 1, Regional Highway Patrol Unit (RHPU) 1 at 1st La Union Provincial Mobile Force Company (PMFC).

Kinilala ang suspek na si Gina Maribel Morales y Regamot, 58 taong gulang, may asawa, sari-sari store owner at kasalukuyang nakatira sa Sitio Bataan, Brgy. Pagudpud, San Fernando City, La Union.

Naaresto ang nasabing suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Illegal Recruitment na inilabas ni Hon. Ruben C. Ayson, Presiding Judge of Regional Trial Court, Br. 6, Baguio City, noong December 20, 2007 na may Criminal Case Number 27457-R at walang rekomendadong piyansa.

Ang suspek ay binigyan ng atensyong medikal at na turn-over na sa Legarda Police Station PS-5, para sa tamang dokumentasyon at disposisyon. *(Panulat ni PSSg Carmela G Danguecan)*

## Most Wanted Person sa Kidapawan City, arestado

**Kidapawan City (February 17, 2022) - Arestado ang isang suspek sa panggagahasa sa apo ng kanyang dating kinakasama matapos ang dalawang taong pagtatago na itinuturing na Most Wanted Person sa Lungsod ng Kidapawan, nitong Pebrero 17, 2022.**


Dahil sa pinaigting na pagpapatupad ng OPLAN IRON CLAD, hindi na nagdalawang-isip na magsumbong sa himpilan ang miyembro ng isang Advocacy Support Group na nakakita sa suspek sa opisina ng Social Security System noong Pebrero 15, 2022.

Kinilalang ang suspek na si Daniel O Ordas, 78 taong gulang, taga Barangay Pisan, Kabacan, Cotabato.

Agad namang rumesponde ang kapulisan na nagresulta sa pagkakahuli sa nasabing suspek.

Nahuli si Ordas sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong 4 counts of Statutory Rape na nilagdaan ni Hon. Henelinda J Molina-Diaz, Presiding Judge, 12th Judicial Region, Regional Trial Court, Branch 61, Kidapawan City.

Kasalukuyang nasa Kidapawan City Police Office na ang arestadong suspek para sa pagsasampa ng kaukulang kaso. *(Panulat ni Patrolwoman Sherie-ann Masi)*

# Ata Manobo Tribe, tumanggap ng tulong medikal at pangkabuhayan








**Davao City (February 12, 2022) - Tumanggap ng tulong medikal at pagkain ang 46 na kabahayan ng katutubong Ata Manobo sa isinagawang medical mission ng mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Paquibato sa tulong ng Lemurians Eagles Club sa Sitio Panimbay, Brgy. Malitan, Paquibato Dist., Davao City noong Pebrero 12, 2022.**

Kasabay nito ay isinagawa rin ang site inspection ng ipapatayong Livelihood Training Center para sa Malitan Farmers Association ng nasabing lugar sa pangunguna ni PMaj Rowena Jacosalem, R-PSB Overall Coordinator; PLt Cherry Grace Bedionez, RMFB11 Chief, PCAS; PLt Alvin Spencer Cahilig, R-PSB Team Paquibato Team Leader kasama si Percienette Condez, Lemurians Eagles Club president.

Ang itatayong training center sa tulong ng nasabing stakeholder ay malaking tulong upang mabigyan ng permanenteng kabuhayan ang mga residente lalo na ang mga miyembro ng Peoples Organization (PO) ng Malitan Farmers Association, na binuo mismo ng R-PSB Paquibato para sa ikauunlad ng kanilang komunidad na lubos namang ipinagpasalamat ng nasabing organisasyon.

Nais ng R-PSB na ipadama at ipakita sa bawat IP Community kabilang ang Sitio Panimbay ang taos pusong pagmamalasakit ng gobyerno para sa kanilang kapakanan at pangangailangan lalo na sa panahong may kinakaharap na krisis sa pangkalusugan. *(Panulat ni Patrolman Rhod Evan G Andrade)*

# Community Outreach Program, isinagawa ng Isabela PNP









**City of Ilagan, Isabela (February 14, 2022) - Ipinagdiwang ng mga kapulisan ng Isabela ang Valentine's Day sa pagsagawa ng Community Outreach Program sa Lingap Center, Brgy. Alibagu, City of Ilagan, Isabela noong Pebrero 14, 2022.**

Hindi bulaklak kundi mga laruan at pagkain ang ipinamigay ng mga pulis ng Isabela Police Provincial Office (PPO) sa ilalim ng liderato ni Police Colonel Julio Go, Acting Provincial Director.

Napili nilang benepisyaryo sa araw ng mga puso ang mga batang kinakalinga ng Lingap Center na inabandona at pinabayaan ng kanilang mga magulang.

Maliban sa mga pagkain at laruan, sinorpresa din ng mga pulis ang mga batang nagpamalas ng kanilang talento sa pagsayaw at pagkanta.

Nagtapos ang programa sa isang lecture kung saan tinuruan ang mga bata ng kanilang mga karapatan patungkol sa Anti-Rape Law, Anti-Violence Against Women and their Children (VAWC) Act at mga Safety Tips at Self Defense laban sa Rape.

Bilang pasasalamat ay nag-alay din ang mga benepisyaryo ng sayaw at kanta sa ating mga kapulisan.

Makikita sa mga mata ng mga bata ang labis na galak sa ipinakitang pagpapahalaga at pagbibigay-oras ng mga pulis sa kanila. *(Panulat ni PSSg Mary Joy D Reyes)*

# PNP Water Cops, matagumpay na nakabalik mula sa Visayas

**Camp Crame, Quezon City (February 17, 2022) - Binigyang parangal ni Police Major Walter Castillejos, The Director of Police Community Relations, ang 17 PNP Water Cops na kababalik lang mula sa Visayas nitong hapon ng February 17, 2022 sa harap mismo ng PNP National Headquarter, Camp Crame, Quezon City.**

Matatandaan na ang nasabing grupo ay umalis noong December 23, 2021 patungong Visayas dala ang Search and Rescue Vehicle (SAR) with water desalination machine upang tumulong sa mga kababayan nating naging biktima ng bagyong "Odette". Matagumpay silang nakapag-abot ng tulong sa dalawang rehiyon sa Visayas (Rehiyon 7 at 8) partikular na sa Southern Leyte at Bohol na higit na napinsala ng bagyo.

Ang Water Cops ay binubuo ng mga kapulisan mula sa Special Action Force, Police Regional Office 2 at Police Regional Office 5.

Bilang pagpupugay sa kanilang kabayanihan at pagkakawanggawa, ginawaran sila ng Medalya sa Pagtulong sa Nasalanta na ibinigay mismo ni PMGen Castillejos.

Nagpaabot naman ng pasasalamat sina Police Senior Master Sergeant William L Caronan, Jr, SAR Team Leader, PRO2; Police Senior Master Sergeant Vicente V Baricaua, SAR Team Leader, SAF; Police Corporal Nemar P Abad, SAR Team Leader, PRO5 sa lahat ng sumuporta sa kanila at nangakong hindi sila magdadalawang-isip na tumugon sakaling kakailanganin muli ang kanilang tulong. *(Panulat ni Patrolman Kher D Bargamento)*








# Bouquet na gulay, pinamahagi ng 1201st RMFB12 sa "Araw ng mga Puso"


**General Santos City (February 14, 2022) - Sa halip na rosas at tsokolate ang ipapamigay sa Araw ng mga Puso ay bouquet na gulay ang ipinamahagi ng mga tauhan ng 1201st Maneuver Company, Regional Mobile Force Battalion 12 sa pamumuno ni PMaj Roel Vergel Parreno sa Gensan International Airport, Brgy. Fatima, General Santos City noong Pebrero 14, 2022.**

Inikot ng mga miyembro ng 1201st MC ang nasabing paliparan upang ipamigay ang bouquet ng mga gulay sa mga residenteng papasok dito kasabay ng pagdiriwang ng Valentine's Day.


Ang mga gulay na kanilang ginawang bouquet at pinamahagi ay galing mismo sa kanilang bakuran sa ilalim ng kanilang programang Agri-Pulis.


Ito ay kinagiliwan at ikinasaya naman ng mga mapalad na nabigyan ng vegetable bouquet kung saan layunin ng kapulisan na ipadama ang kanilang pagmamahal sa kakaibang pamamaraan lalo na para sa pagpapanatili ng malusog na pangangatawan.


Masaya rin ang mga tauhan ng 1201st MC dahil kahit papaano ay damang damang parin nila ang tunay na kahulugan ng araw ng mga puso kahit hindi nila kapiling ang kanilang mahal sa buhay ay nakapag-abot parin sila ng kasiyahan at kilig sa mamamayan ng kanilang nasasakupan. *(Panulat ni Khnerwin Jay A Medelin)*







# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Mamamayan ang Susi sa Pagdurog sa mga Terorista

Habang abala at ginagawa ng ating gobyerno ang lahat nang paraan upang matugunan ang pangangailangan at matulungan ang ating mga kababayan sa panahon ng pandemya, walang humpay naman ang ginagawang pamiminsala at pamimerwisyo ng New People's Army (NPA) sa mga inosenteng mamamayan. Wala silang ginawa kung hindi isabotahe ang mga pangkaunlarang proyekto ng ating pamahalaan at maghasik nang takot at pangamba sa pamayanan.

Noong October 7, 2020, alas 8:00 ng umaga, nagsagawang muli nang ambush ang mga terorista sa isang patrol car ng Philippine National Police (PNP) sa kahabaan ng Maharlika Highway sa Barangay Tagbayaon, Jiabong, Samar. Nagpasabog ng dalawang landmines ang mga NPA bago nagpaulan ng punglo. Nasugatan sa pananambang si Patrolman Ace Denver Aharrudin ng Pinabacdao Municipal Police Station na nagtamo ng tatlong tama ng bala sa katawan. Masuwerte namang hindi nasugatan ang tatlo niyang kasamahan na nakilalang sina PSSgt Crisostomo Mabansag, PCpl Paul Hadlong at PCpl Reymart Romero.

Nadamay din sa pananambang ang mga nakasakay sa isang passenger Van na nakabuntot sa patrol car nang maganap ang pag-ambush. Nakilala ang mga sakay ng Van na sina Erixon Gacumo at Realy Del Rio, parehong teacher, isang Elma Geli, 58 anyos at ang driver na si Reynaldo Calipis, 51 anyos. Labis na takot at pangamba ang idinulot nang pananambang sa mga inosenteng sibilyan lalo na ang pagsabog ng landmines. Agad namang tumakas ang mga salarin nang matunugan nilaang paparating na tropa ng pamahalaan na agad rumesponde sa insidente.

Noong 2020, buwan ng Mayo, nakarekober ang mga tropa ng gobyerno ng apat na IEDs na inilatag ng mga NPA sa Maharlika National Highway at sa boundary ng Barangay Pahug at Madalunot sa bayan ng Pinabacdao, Samar. Noong April 6, 2020, may na recover din na IEDs sa mga karatig barangay ng Hubasan at Calbiga.

Noong 2019, dalawang empleyado ng Toyota Motors ang nakaligtas sa IED ambush attack nang ang kanilang sasakyan ay napagkamalang patrol vehicle ng PNP sa Maharlika Highway sa boundary ng Barangay Lale at Pahug. Noong December 2015, naambush din ang tropa ng pamahalaan na nagsagawa ng Relief Operation sa kasagsagan nang pananalasa ng Bagyong "NONA" sa kaparehong boundary pa rin ng Barangay Pahug at Madalunot.

Dahil sa tulong ng mamamayan ng Samar na galit na galit na sa paghahasik ng terorismo at karahasan ng mga NPA, unti-unti nang nawawasak ang istruktura at galamay ng mga terorista sa lalawigan ng Samar. Sa mga mamamayan ng Samar, salamat at saludo po kami sa inyong katapangan at malasakit sa ating bansa!

Muli, salamat po sa inyong suporta sa ating pamahalaan!

## Liquor Ban at Curfew Hours sa Dagupan City, Pangasinan, inalis na

**Dagupan City, Pangasinan (February 13, 2022) - Naglabas ang opisina ni Mayor Brian Lim ng Executive Order na kung saan pwede na ulit magbenta at magkonsumo ng alak sa siyudad ng Dagupan, subalit kailangan pa rin ng striktong pagsunod sa mga Health and Safety Protocols.**

Ayon sa Executive Order ng Mayor, ang mga palengke ay bukas sa mga mamimili tuwing Huwebes at sarado naman sa una at ikatlong Huwebes ng buwan para sa "disinfection".

Ang pag-alis sa Liquor Ban at Curfew Hours ay dahil sa patuloy na pagbaba ng bilang ng mga COVID-19 positive sa syudad.

Gayunman, ipinagbabawal pa rin ang mga social gatherings o kumpulan. Kailangan pa ring panatilihin ang social distancing.

Hindi rin papayagan ang tagay o hiraman ng mga baso sa inuman, at iba pang kagamitan. *(Panulat ni PSSg Bader Ceasar B Ayco, RPCADU1)*

# Riding-in-tandem na tumakas, naaksidente



**Virac, Catanduanes (February 14, 2022) - Sumalpok sa poste ang minamanehong motorsiklo ng dalawang (2) suspek pagkatapos sitahin at tumakas sa mga kapulisan ng Catanduanes sa Barangay Sogod Tibgao Bliss, Virac, Catanduanes noong Pebrero 14, 2022.**

Ayon sa ulat ng Catanduanes Police Provincial Office (PPO), sinita lamang ng mga kapulisan ang dalawa sapagkat pareho silang walang suot na helmet. Subalit, bigla umanong pinaharurot ng driver ang motorsiklo palayo dahilan upang habulin sila ng mga pulis at naging sanhi ng pagka-aksidente ng mga suspek.

Kinilala ang suspek na sugatan na si Chistian Gonzales, 23 anyos, isang binata samantalang nakatakas naman ang kanyang kasama na si John Lloyd Leonardo, 21 anyos.

Samantala, nakumpiska ang isang (1) pakete ng plastic na naglalaman ng pinatuyong dahon ng marijuana na itinapon umano ng mga suspek matapos maaksidente.

Sa kasalukuyan, nasa ospital na ang naarestong sugatang suspek na nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 habang ang isang suspek ay pinaghahanap na ng mga otoridad. *(Panulat ni Patrolman Jomar M Danao)*

# Top 4 Most Wanted Person ng Marikina City, arestado sa Pangasinan

**Sison, Pangasinan (February 12, 2022) – Arestado ang Top 4 Most Wanted Person ng Marikina City Police Station sa ikinasang Manhunt Charlie operation ng mga kapulisan ng Pangasinan sa Barangay Alibeng, Sison, Pangasinan dakong alas 9:03 ng gabi ng ika-12 ng Pebrero taong kasalukuyan.**

Ang operasyon ay isinagawa sa pinagsanib puwersa ng Sison Police Station (PS) na pinangunahan ni Police Lieutenant Ronald Gabain, Deputy Chief of Police, sa direktang pangangasiwa ni Police Major Maria Theresa R. Meimban, Marikina City Police Station, Regional Intelligence Division (RID) at Camdas Police Station 2 ng Baguio City.

Kinilala ang suspek na si Leo Bassi y Pascual, 51 taong gulang, may asawa, manggagawa at kasalukuyang nakatira sa Barangay Alibeng, Sison, Pangasinan.

Naaresto ang nasabing suspek sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Murder at two (2) counts ng Frustrated Murder na inilabas ni Hon. Alice C Gutierrez, Presiding Judge ng Regional Trial Court Branch 263, Marikina City, Metro Manila noong Abril 21, 2009 na may Criminal Case Number 07-9354-MK, 2007-9353 at 2007-9355 at may rekomendadong piyansa na Php200,000 bawat isa.

Ang suspek ay nasa kustodiya na ng Sison Police Station para sa tamang dokumentasyon at disposisyon.

Ang Pambansang Pulisya ay magpapatuloy na tugisin ang mga taong may pananagutan at nagtatago sa batas at sisiguraduhin na mabigyan ng hustisya ang mga nagiging biktima ng krimen. *(Panulat ni PSSg Carmela G Danguecan / RPCADU 1)*




# Top 1 Most Wanted sa Cadiz City, timbog

**Cadiz City, Negros Occidental (February 14, 2022) - Kalaboso ang Top 1 Most Wanted person sa pinaigting na operasyon ng Cadiz City Police Station sa pangunguna ni Police Lieutenant Colonel Gil John Despi at ng Pototan Municipal Police Station sa pangunguna naman ni Police Major Ciriaco Esquilarga nitong araw (February 14, 2022) sa mismong Public Market ng Barangay Zone 3, Cadiz City, Negros Occidental.**

Kinilala ang naarestong suspek na si Teofilo Becada Jr y Oquindo, 28 taong gulang at residente ng Hacienda Law-ang, Brgy. Luna sa nasabing lungsod. Matatandaang si Becada ay isa sa mga suspek sa isang murder case noong 2014 na naganap sa bayan ng Pototan, Iloilo City.

Inaresto si Becada sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Vicente V Go, Presiding Judge, RTC Branch 68, P.D. Monfort North, Dumangas, Iloilo Province na nilagdaan noong March 28, 2017 at walang piyansang inirekomenda.

Tiniyak naman ng Cadiz City PNP na tuloy-tuloy ang mga operasyon nito sa pagpapatupad sa iba't ibang anti-criminality campaigns maging sa pagtugis sa mga wanted individuals na nagtatago sa lungsod ng Cadiz. *(Panulat ni Patrolman Kher Bargamento)*

# Wanted Person sa kasong Homicide, arestado

**San Jose, Occidental Mindoro (February 14, 2022) - Naaresto ang isang wanted person sa bisa ng Warrant of Arrest sa Brgy. Magbay, San Jose, Occidental Mindoro noong Pebrero 14, 2022.**

Isinagawa ang pag-aresto sa pinagsanib pwersa ng San Jose Municipal Police Station (MPS), Provincial Intelligence Unit (PIU)-Occidental Mindoro Police Provincial Office (PPO), 1st Occidental Mindoro Provincial Mobile Force Company (PMFC) at sa pakikipagtulungan ng Maritime Provincial Station (MARPSTA) Region MIMAROPA.

Kinilala ang suspek na si Justine Apan Alarcon, 21 taong gulang at



residente ng nasabing lugar.

Inaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Jose S. Jacinto, Presiding Judge ng Regional Trial Court (RTC), Branch 45, San Jose, Occidental Mindoro na may petsang Pebrero 14, 2022 para sa kasong Homicide na may inirekomendang piyansa na Php120,000.

Nasa kustodiya na ngayon ng San Jose MPS ang naarestong suspek para sa kaukulang disposisyon.

Ito ang resulta ng direktiba ni Police Colonel Simeon Gane Jr., Provincial Director ng Occidental Mindoro Police Provincial Office (PPO) sa kampanya laban sa kriminalidad sa buong lalawigan. *(Panulat ni Patrolman Erwin P Calaus, RPCADU MIMAROPA)*

# Curfew violator, arestado matapos mahulihan ng ilegal na droga



**Sultan Kudarat (February 12, 2022) - Arestado ang isang (1) curfew violator habang nagpapatrolya ang alert team ng Esperanza Municipal Police Station, alinsunod sa pagpapatupad ng curfew hour sa Barangay Poblacion, Esperanza, Sultan Kudarat noong Pebrero 12, 2022.**

Kinilala ang naaresto na si Mark Anthony Kilayco Parcon, 25 taong gulang, binata, estudyante at residente ng Purok Daisy, Barangay Paitan, Esperanza, Sultan Kudarat.

Ayon sa ulat, namataan ng alert team ang suspek na winawasak ang isang stall gamit ang round bar at biglang hinugot ang kanyang sandata mula sa kanyang baywang.

Agad na inaksyunan ng pulisya at nagsagawa ng body search ang Arresting Officer kung saan narekober nila ang isang (1) kaha ng sigarilyo na naglalaman ng isang (1) sachet ng shabu na may timbang na 0.149 gramo na may DDB value na Php1,000.

Mas pinaigting ni PCpt Jethro Dave Doligas, OIC, Esperanza Municipal Police Station ang kampanya sa lahat ng uri ng kriminalidad sa gitna ng krisis na dala ng COVID-19 pandemic.

Kaya naman, malugod na sinusuportahan ng pulisya ang mga pagsusumikap ng gobyerno na labanan at maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 kasabay ng pagpapatupad ng mga umiiral na batas. Dagdag pa, hinihikayat ng pambansang pulisya ang publiko na sundin ang mga protocol para sa kaligtasan ng lahat at iwasan ang mga ilegal na aktibidad. *(Panulat ni Khnerwin Jay A Medelin)*


# 2 Most Wanted, arestado; Php150K shabu, nasamsam sa Davao Oriental

**Davao Oriental (February 16, 2022) - Arestado ang most wanted na si alyas "Guian" at dalawa pa nitong kasamahan sa isinagawang buy-bust operation ng pinagsamang tauhan ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) at Mati City Police Station sa pangunguna ni PLtCol Ernesto Gregore, Chief of Police, sa Purok Nazareno, Brgy. Central, Mati City, Davao Oriental, noong Pebrero 16, 2022.**

Kinilala ang target ng operasyon na si Gian Alixes Flores alyas "Guian", 31 taong gulang, residente ng nasabing lugar at Rank 4 sa Regional Level. Gayundin ang dalawa nitong kasamahan na sina Norwin Ligues alyas "Tonton", 36 taong gulang, residente ng Interco, Brgy. Matiao, Mati City na Rank 9 naman sa Regional Level at si Khristoffer Bustillio Alinzon, 41 taong gulang, residente rin ng nasabing lugar.

Nakuha sa mga suspek ang anim (6) na small at anim (6) na medium size plastic sachets ng hinihinalang shabu na may timbang na 10 gramo at may tinatayang halaga na Php150,000 kasama ang marked money na ginamit ng mga awtoridad at mga parapernalya.

Ang mga suspek ay nasa kustodiya na ng Mati CPS para sampahan ng kasong paglabag sa Section 5 at Section 11 ng R.A 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. *(Panulat ni Patrolman Alfred Vergara RPCADU11)*




# Wanted Person sa Balamban, arestado



**Balamban, Cebu (February 16, 2022) - Naaresto ang isa sa mga wanted person sa isinagawang manhunt operation ng mga Operatiba ng Balamban Municipal Police Station sa Brgy. Duangan, Balamban, Cebu, 4:30 ng hapon ng Pebrero 16, 2022.**

Ang nasabing operasyon ay pinangunahan ni PSMS Godofredo Dumdum, Chief, Intelligence Section, na direktang pinangasiwaan ni PMaj Reyco R Romaguera, Acting Chief of Police.

Nagresulta ang isinagawang operasyon sa matagumpay na pagkahuli kay Edwin Gabisan Quintinita, 41 taong gulang, kasal, at residente ng nabanggit na lugar, sa bisa ng Warrant of Arrest.

Si Quintinita ay nahaharap sa kasong paglabag sa kasong RA 9262 o ang Anti-Violence against Women and their Children Act of 2004 na may inirekomendang piyansa na Php72,000.

Ang nasabing akusado ay nasa kostudiya na ng mga awtoridad para sa tamang disposisyon sa naturang kaso.

Patuloy na paiigtingin ng Pambansang Pulisya ang pagtugis sa mga bilanggong nakatakas at mga taong pinaniniwalaang nakagawa ng krimen upang mapanagot sila sa kanilang pagkakasala. *(Panulat ni Pat. Edmersan Llapitan)*

# 5 Pulis sugatan sa ambush sa Negros Occidental



**Binalbagan, Negros Occidental (February 13, 2022) – Sugatan ang limang (5) pulis matapos tambangan ng mga bandidong miyembro ng New People's Army (NPA) sa Sitio Kandeda, Purok Uno, Barangay Bi-ao, Binalbagan, Negros Occidental nito lamang Pebrero 13, 2022 ng umaga.**

Ayon sa inisyal na report, magsasagawa sana ng imbestigasyon ang kapulisan ng Binalbagan Municipal Police Station sa pangunguna ni PLt Charles Richard Casalan, Deputy Chief of Police, ukol sa natanggap na report na may nakitang bangkay sa Sitio Nursery Brgy. Bi-ao, subalit sila ay tinambangan ng mga armadong grupo.

Apat (4) na land mine ang itinanim sa ambush site at dalawa (2) sa mga ito ang sumabog. Tinatayang nasa 12 rebelde ang humarang sa daanan at nagsagawa ng pananambang.

Samantala ligtas namang naihatid ang limang (5) sugatang pulis sa hospital habang patuloy pang iniimbistigahan ang mga pangyayari.

Mariin namang kinondena ni Prosecutor Flosemer Chris Gonzales, Spokesperson ng Regional Task Force 6 – ELCAC ang CPP-NPA-NDF sa nangyaring pananambang at hinimok ang mga residente sa buong isla ng Negros Occidental na tumulong at makipagkaisa sa pamahalaan sa pagsugpo sa mga bandidong rebelde at sa layunin nitong tuldukan ang terorismo sa bansa.

Ang pambansang pulisya ay hindi tumitigil sa kampanya nito laban sa pagsugpo sa terorismo at hinihikayat ang publiko na magbigay impormasyon sa mga gawain at aktibidad ng mga rebeldeng grupo kung meron man sa kanilang mga lokalidad. *(Panulat ni Patrolman Kher Bargamento)*

# Mga kagamitan ng mga rebeldeng NPA, nadiskubre



**Cuyapo, Nueva Ecija (February 12, 2022) - Nadiskubre ng mga kapulisan ang isang taguan ng mga kagamitan ng mga rebeldeng New People's Army (NPA) sa Brgy. Colosboa, Cuyapo, Nueva Ecija noong ika-12 ng Pebrero taong kasalukuyan.**

Ang operasyon ay isinagawa ng pinagsanib pwersa ng 2nd Provincial Mobile Force Company (PMFC), 3rd Platoon, Nueva Ecija Police Provincial Office (PPO), 304th Regional Mobile Force Battalion (RMFB) 3, Talugtog Municipal Police Station (MPS), Cuyapo MPS, Nampicuan MPS at Nueva Ecija Provincial Explosive and Canine Unit (PECU).

Ang mga nadiskubre sa nasabing lugar ay isang (1) improvised Cal. 22 magnum at may magazine na naglalaman ng anim (6) na bala, isang (1) shotgun, 171 pirasong bala ng M16 rifle, 15 pirasong bala ng Cal. 45, pitong (7) bala ng Cal. 357, siyam (9) na pirasong bala ng Cal. 380, isang (1) pirasong bala ng Cal. 38, dalawang (2) pirasong bala para sa M203 grenade launcher, dalawang (2) piraso ng rifle grenade, dalawang (2) hand grenade, isang (1) bandolier, electrical wire, isang (1) piraso na Car battery, isang (1) container na naglalaman ng bigas at iba pang kagamitan.

Ang mga nadiskubreng armas at mga kagamitan ay dinala sa 2nd PMFC Headquarters para sa wastong disposisyon.

Ipinahayag ni Police Brigadier General Matthew Baccay, Regional Director ng Police Regional Office 3 (PRO 3), na walang tigil ang kanilang maigting na kampanya kontra insurhensiya sa kabila ng banta ng COVID-19.

Sinabi din niya na dahil sa walang tigil na pagsisikap ng kapulisan ng rehiyon kasama ang mga kasundaluhan, ang mga miyembro ng NPA ay patuloy na dumaranas ng kabiguan. *(Panulat ni PCpl Maria Elena S Delos Santos, RPCADU 3)*

# Miyembro ng Militia ng Bayan na sangkot sa roadblocking sa Surigao del Sur, arestado

**Surigao del Sur (February 18, 2022) - Arestado sa kanyang tirahan ang aktibong miyembro ng Militia ng Bayan (MB) sa ilalim ng Guerilla Front 30 na sangkot sa insidente ng roadblocking sa Cortes, Surigao del Sur noong Pebrero 10, 2022.**

Pinuri ni Police Regional Office 13, Regional Director, Police Brigadier General Romeo Caramat Jr. ang 2nd Surigao del Sur Police Mobile Force Company (SDSPMFC) at Cortes Municipal Police Station (MPS) sa pagkakaaresto kay Severino Rivera Orsal Sr, 51 taong gulang, residente ng Purok 5, Sitio Lubcon, Brgy. Mabahin, Cortes, Surigao del Sur.

Inaresto si Orsal Sr. noong ika-18 ng Pebrero sa pamamagitan ng Search Warrant na inisyu ng Regional Trial Court, 11th Judicial Region, Branch 41, Cantilan, Surigao del Sur, dahil sa paglabag sa Republic Act 10591 na kilala bilang "Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act".

Nasamsam ng pinagsanib na operatiba ang mga sumusunod: isang (1) unit ng colt caliber .45 na may serial number 8199813, isang (1) unit black .357 revolver na may serial number 081971, anim (6) na live ammunition ng .357 magnum, isang (1) magazine ng caliber .45, limang (5) live ammunition, at isang (1) M203 grenade.

"Our investigation and intelligence will never fail, with our campaign against criminality. No matter what these rebels plan and do, they will never succeed in their wicked ways," saad ni RD Caramat Jr.

Batay sa imbestigasyon, si Orsal Sr. ay isa sa New People's Army sa baryo na nagsagawa ng roadblocking sa bayan ng Cortes noong isang Linggo, at walang permisong naghalughog sa bahay ng isang dating sundalo at walang pakundangang nanguha ng ilang gamit nito.

"We will not stop on our hot pursuit operations to these rebels who caused panic and intimidated the people in the municipality; we will do so until all of the rebels involved in the incident are apprehended," pagtatapos ni RD Caramat Jr.

Nasa kustodiya ng Cortes MPS ang naarestong suspek para sa pagsasampa ng kaukulang kaso. *(Panulat ni: Patrolman Jhunel D Cadapan RPCADU13)*

# High-ranking NPA couple, sumuko sa PNP Caraga

**Boluntaryong sumuko ang NPA Couple sa mga tauhan ng 1304th Maneuver Company ng Regional Mobile Force Battalion (RMFB) 13 at 1st Agusan del Norte Provincial Mobile Force Company (ADN-PMFC) noong ika-12 ng Pebrero 2022.**

Ayon kay PRO 13 Regional Director Police, Brigadier General Romeo Caramat Jr. ang mga sumuko na si alyas "Wendell", 37 taong gulang, lalaki, residente ng Barangay Jaguimitan, Nasipit, Agusan del Norte ay isang miyembro ng Sub-Regional Committee (SRC) 3, Guerilla Front (GF) 4A sa ilalim ng North Central Mindanao Regional Committee (NCMRC) na may posisyon na team leader.

Si "Wendel" ay kilala na kapatid ni Jealan Pinakilid alyas "Baking", ang GF4A commanding officer ng New People's Army na kumikilos sa mga lugar ng Agusan del Norte at ilang bahagi ng lalawigan ng Misamis Oriental.

Ang live-in partner naman niya na si alyas "An-an", 32 taong gulang, residente ng Barangay Malinao, Gingoog City, Misamis Oriental ay isa namang squad medic ng SRC-3 GF4A ng parehong committee.

Sumuko ang mag-asawa upang makiisa sa kanilang mga pamilya at mamuhay ng normal na maaaring maging imposible kung sila ay mananatili sa kilusan.

Nasa proseso na ngayon ang sumukong mag-asawang CTG sa pag-avail ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) sa rehiyon.

"Despite the recent atrocities conducted by the New People's Army in Surigao del Sur, they cannot hide the fact that many of its members are tired of their futile resistance and just wanted to live a peaceful and violent-free life. I call to our brothers and sisters who were victims of this Maoist ideology to lay down your arms and live peacefully with the rest of the society before it's too late," saad ni RD Caramat. *(Panulat ni: Patrolman Jhunel D Cadapan, RPCADU13)*

# Dalawang terorista, patay sa engkwentro sa Misamis Oriental

**Gingoog City, Misamis Oriental (February 18, 2022) - Patay ang dalawang (2) terorista sa isinagawang Intelligence Operation ng Philippine Army sa Purok-4 Barangay Odiongan, Gingoog City, Misamis Oriental, noong Pebrero 18, 2022.**

Ang operasyon ay isinagawa ng 402nd Infantry Brigade, 4th Infantry Division, Philippine Army sa pangunguna ni 1st Lieutenant Ashley Del Rosario at 42 Mindanao Command (MICO), 4th Mechanized Infantry Battalion (4MIB), 4th Infantry Division Philippine Army (4IDPA) sa pangunguna ni Major Engilbert Soriano laban sa grupo ni Jelan Pinakilid alyas "Baking", Darling Pinakilid Alyas "Yandy" at tatlo (3) pa nilang mga kasama.

Pagkarating ng mga miyembro ng Squad Drone 3 (SQD) Platoon Sagay, Sub Regional Committee 3 (SRC), North Central Mindanao Regional Committee (NCMRC) sa Purok-4 Barangay Odiogan, Gingoog City, Misamis Oriental, 10:45 ng gabi ng Pebrero 18, 2022, ang mga terorista ay napansin ang presensya ng intelligence personnel kaya agad silang nagpaputok at agad namang ginantihan ng government forces. Ang engkwentro ay nagresulta sa pagkamatay ni Jelan Pinakilid at Darling Pinakilid. Ang kanila namang mga kasama ay nakatakas gamit ang habal habal.

Narekober ang isang (1) cal. 45 pistol with live ammunition, isang (1) granada at iba pang personal na gamit.

Ang bangkay ng dalawa ay dinala sa St. Peter Funeral Homes, National Highway Barangay Gingoog City, Misamis Oriental para sa tamang disposisyon. *(Panulat ni Patrolman Rolando Baydid Jr.)*



# Mahigit Php3.5M shabu, nakumpiska; suspek, arestado



**Cebu City (February 12, 2022) - Arestado ang isang (1) lalaki sa isinagawang drug buy-bust operation ng mga tauhan ng Police Station 7 ng Cebu City Police Office noong ika-12 ng Pebrero 2022 sa Sitio Dumpsite, Brgy. Inayawan, Cebu City.**

Ang suspek ay kinilalang si Diomedes Tangaro Magnanao a.k.a 'Medes', 30 taong gulang at residente ng Brgy. Inayawan, Cebu City.

Nakuha mula sa suspek ang 19 plastic pack na naglalaman ng hinihinalang shabu na tumitimbang ng higit-kumulang 525 gramo na may tinatayang Street Market Value (SMV) na Php3,570,000, buy-bust money at isang (1) brown sling bag na ginamit bilang lalagyan ng ilegal na droga.

Si Magnanao ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at kasalakuyang nasa kustodiya ng pulisya para sa tamang disposisyon ng kaso. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

# Higit Php443K shabu, nakumpiska; 3 arestado sa buy-bust operation



**Malabon City (February 16, 2022) - Arestado ang tatlong (3) suspek sa kasong paglabag sa Section 5 (Sale) at Section 11 (Possession of Dangerous Drugs) ng Art ll of RA 9165, sa isinagawang buy-bust operation ng mga alagad ng batas sa kahabaan ng Womens Club St., Brgy. Hulong Duhat, Malabon City, bandang 2:40 ng umaga ng Pebrero 16, 2022.**

Ikinasa ang nasabing operasyon sa pangunguna ni PSSg Edison Dela Cruz, sa pangangasiwa ni PLt Alexander Dela Cruz, OIC, SDEU at sa pamumuno ni PCol Albert Barot, ACOP, kasama ang PDEA-RONCR.

Kinilala ang mga suspek na sina Lynne Matin-ao y Fernandez a.k.a Maya (Pusher/Newly Identified), 21 taong gulang, walang trabaho; Coney Soria y Hernandez (User/ Newly Identified), 46 taong gulang, walang trabaho; at si Raymond Gaspar y Montaňo a.k.a. Mon (User/Newly Identified), 28 taong gulang, walang trabaho, pawang mga residente ng Navotas City.

Nakumpiska sa mga suspek ang 14 pirasong small heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng puting crystalline substance na hinihinalang shabu, isang (1) sling bag, isang (1) genuine na Php500 buy-bust money at anim (6) na piraso ng Php500 na boodle/fake money na ginamit din bilang buy-bust money.

Ang mga narekober na piraso ng ebidensiya ng shabu ay may kabuuang timbang na humigit kumulang 65.20 gramo na may Standard Drug Price (SDP) na Php443,360.

Kasalukuyang nakakulong ngayon ang mga naarestong suspek sa naturang presinto para sa kaukulang dokumentasyon. Samantala, ang mga nakuhang ebidensya ay itinurn-over sa NPD Forensic Unit para sa pagsusuri ng kemikal.

Patuloy na kampanya laban sa ilegal na droga ang ipinapamalas ng mga alagad ng batas. Pinapakita lamang na ang Pambansang Pulisya ay seryoso sa paglaban sa kriminalidad at ilegal na aktibidad sa bansa. *(Panulat ni Patrolwoman Nica V Segaya, RPCADU NCR)*

# Mga smuggled na sigarilyo, kumpiskado sa Zamboanga City



**Zamboanga City (February 18, 2022) - Matagumpay ang operasyon na ikinasa ng Zamboanga City Police Station 7 at City Investigation and Detection Management Unit (CIDMU) dahil sa natanggap nilang impormasyon mula sa isang confidential informant ukol sa isang sasakyan na may mga karga umano'y mga smuggled na sigarilyo, na dadaan sa Barangay San Roque, Zamboanga City noong Pebrero 18, 2022.**

Habang nagsasagawa ng checkpoint ang ating kapulisan sa nasabing lugar, positibong namataan ang isang Suzuki van na kulay gray na may plakang JCU-1743.

Agad na bumaba ang driver ng nasabing sasakyan at tumakas. Natuklasan ng ating kapulisan na ang nilalaman ng van ay mga assorted smuggled na sigarilyo na nagkakahalaga ng Php1,687,000 ayon sa Bureau of Customs.

Patuloy naman ang ating kapulisan sa imbestigasyon para sa pagkakakilanlan ng tumakas na suspek at upang matukoy ang nasa likod ng nasabing ilegal na gawain. *(Panulat ni patrolman John Ronald Tumonong)*

# Higit Php19K marijuana, nakumpiska; Suspek, arestado



**Camp Delgado, Iloilo City (February 14, 2022) - Pinuri ni Western Visayas Top Cop Police Brigadier General Flynn Dongbo ang mga operatiba sa matagumpay na pagkakumpiska sa mga pananim na marijuana at sa pagka-aresto sa may-ari nito sa Sitio Lower Natuyay, Barangay Codcod, San Carlos City, Negros Occidental bandang alas 9:00 ng umaga ng February 14, 2022.**

Ang suspek ay kinilalang si Benjie Clarion y Remotique, 43 years old at residente sa nasabing barangay. Ayon sa imbestigasyon, si Clarion ang nagmamay-ari sa taniman ng marijuana na may 25 full grown at 71 na bagong tanim na may tinatayang halaga na Php19,200.

"Congratulations on your constant resolve and enthusiasm in our campaign against illegal drugs. Your output bespeaks of your commitment to service for the betterment of every community. Also, thank you to the members of the community for trusting your Police and for providing us the information straight from your locality and let us continue working together to arrest those involved in illegal drug activities", dagdag pa ni PBGen Dongbo.

Ang mga narekober na marijuana ay isusumite sa PNP Forensic Group para sa karagdagang eksaminasyon. Samantala, kasong paglabag naman sa Republic Act 9165 otherwise known as the Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 ang isasampa kay Clarion.

Ang matagumpay na operasyon ay isa lamang sa kaliwa't kanang programa na ipinapatupad ng Police Regional Office 6 at bunga sa pinaigting at walang tigil na kampanya nito laban sa mga ipinagbabawal na droga. *(Panulat ni Patrolman Kher Bargamento)*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS
BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume VI No. 07 * Pebrero 12 - 18, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Talipapa, itinayo ng Bataan PNP para sa mga Aeta



**Balanga City, Bataan (February 18, 2022) - Nagtayo ng talipapa ang mga kapulisan ng Bataan para sa mga Aeta sa Bunker Capitol, Balanga City, Bataan noong Pebrero 18, 2022.**

Ang aktibidad ay isinagawa sa pamumuno ni Police Lieutenant Colonel Elias Tait, Force Commander ng Bataan First Provincial Mobile Force Company (PMFC) at sa ilalim ng pangangasiwa ni Police Colonel Romell Velasco, Acting Provincial Director ng Bataan Provincial Police Office (PPO).

Itinayo ang talipapa upang tangkilikin ng mga mamamayan sa Bataan ang produkto ng organic farming ng mga kapatid na Aeta.

Layon nitong matulungan ang mga Aeta sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan.

Ipinaalam din ng mga kapulisan sa mga mamamayan na ang organic farming ay nag-aambag sa pagpapagaan ng greenhouse effect, global warming at pagbabago ng klima.

Hinikayat din ang mga mamamayan na makiisa sa aktibidad ng mga kapulisan alinsunod sa isa sa mga core values ng organisasyon na "Makakalikasan" at programang "Kaligkasan" upang mapagtibay ang hangarin at kakayahan ng iba't ibang sektor ng komunidad na mapangalagaan at muling buhayin ang maayos at magandang kalikasan. *(Panulat ni Pat Hazel Bacarisa, RPCADU 3)*

# Lolo, tinulungan ng pulis na makatawid ng tulay






**San Gabriel, La Union (February 18, 2022) - Tinulungan ng pulis ang isang (1) lolo na hirap tumawid ng tulay sa Balbalayang, San Gabriel, La Union bandang alas-otso ng umaga, Pebrero 18, taong kasalukuyan.**

Ayon sa ulat, makikilahok si Lolo Angelo Buyag Sr. sa isasagawang programa ng Technical Support Company Regional Mobile Force Battalion 1 (TSC RMFB) 1 ngunit siya ay nahihirapang tumawid ng tulay.

Napansin ni PCpl Lorden Gamueda ang Lolo kung kaya't agad nya itong binuhat para makatawid sa tulay nang ligtas.

Ang programa ay binigyang seguridad ng mga miyembro ng 102nd Regional Mobile Force Battalion 1 sa pamumuno ni Police Colonel Roel Sermese, Force Commander 1.

Ang pagmamalasakit sa kapwa ay kusang-loob na ibinibigay, hindi ipinagkakait at higit sa lahat hindi naghahangad ng anumang kapalit. *(Panulat ni PSSg Carmela Danguecan /RPCADU 1)*

# PNP Eastern Samar, nagsagawa ng Mangrove Tree Planting Activity



**Eastern Samar (February 16, 2022) — Nagsagawa ng Mangrove Tree Planting Activity ang mga tauhan ng Eastern Samar Police Provincial Office sa Minasangay Island Eco Park and Resort, Brgy. 1, Balangkayan, Eastern Samar noong February 16 taong kasalukuyan.**

May kabuuang 250 puno ng bakawan ang itinanim ng mga kalahok sa nasabing lugar na pinangunahan nina PLtCol Rommel Cesista, C, PCADU at PCol Matthe Aseo, Provincial Director sa direktang pangangasiwa ni PBGen Bernard Banac, Regional Director, PRO8.

Nakilahok din sa nasabing aktibidad ang mga tauhan ng Balangkayan Municipal Police Station, 2nd ESPMFC, KKDAT Balangkayan Chapter at Municipal Environment and Natural Resources Office.

Ang aktibidad na ito ay bilang suporta sa adbokasiya ng pamahalaan na pangalagaan ang kapaligiran at likas na yaman ng bansa upang mabawasan ang hindi magandang epekto sa pagbabago ng klima at palakasin din ang pagsasagawa ng environmental sustainability para sa susunod na mga henerasyon.